

## Mga Madalas Itanong

### Abiso tungkol sa Pangongolekta ng Pribadong Impormasyon

Ang impormasyon sa Form para sa Demograpikong Designasyon ng Lahi at Etnisidad ay itinuturing na pribadong impormasyon tungkol sa mga mag-aaral. Ipinapaliwanag ng Mga Madalas Itanong na ito kung bakit kinokolekta ng Kagawaran ng Edukasyon ng Minnesota (Minnesota Department of Education, MDE) ang impormasyong ito; kung inaatasan kang ibigay ang impormasyon; kung paano namin ito gagamitin; at kung sino pa ang maaaring magkaroon ng access dito.

### Bakit kinokolekta ang impormasyong ito?

Noong 2017, inatas ng Lehislatura ng Estadong Minnesota na ang mga distrito at charter ay kumolekta ng mas maraming datos ng mag-aaral sa apat sa anim na kategorya ng lahi at etnisidad na tinakda ng U.S. Kagawaran ng Edukasyon para sa mga partikular na pangkat. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa [Minnesota Statutes 2017, 120B.35, subdivision 3](https://www.revisor.mn.gov/statutes/?id=120B.35) (<https://www.revisor.mn.gov/statutes/?id=120B.35>).

Ang layunin ng pagkolekta ng mas detalyadong impormasyon sa pinagmulang ninuno o etniko ay para mas mabuting maunawaan at makilala ang mga pang-edukasyong pangangailangan ng lahat ng mag-aaral sa Minnesota. Tinukoy ng Demographer ng Estado ng Minnesota ang mga mas detalyadong pangkat na ito na may pinakamalaking populasyon batay sa sistema ng klasipikasyon/coding ng [U.S. Census Bureau](https://www.census.gov/topics/population/race/about.html) (<https://www.census.gov/topics/population/race/about.html>). Ang impormasyong gagamitin sa pagtukoy sa mga kinakatawang pangkat na may pinakamalaking populasyon ay mula sa American Community Survey sa alinman sa isa o limang taong pagulong na karaniwang pangkat ng datos. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa pahina ng [American Community Survey](https://www.census.gov/programs-surveys/acs/) (<https://www.census.gov/programs-surveys/acs/>).

### Kailan kokolektahin ang impormasyong ito?

Taon ng pag-aaral na 2018-2019: Ang unang pagkolekta ng impormasyon ng ninuno o etnisidad ay unang gagawin sa limang kasosyong distrito: Community of Peace Academy, Minnetonka Public Schools, Schoolcraft Learning Community, St. Paul Public Schools, at Worthington Public Schools. Malamang ay ipadadala ng mga kasosyong distritong ito ang form ng pagkolekta ng impormasyon sa tahanan sa tag-init/taglagas ng taon ng pag-aaral na 2018-19 kasabay ng mga form sa pagpaparehistro para sa taon ng pag-aaral na 2018-19. Luulat ng limang kasosyong distrito o charter ang detalyadong impormasyon ng pinagmulang ninuno o etniko sa Kagawaran ng Edukasyon ng Minnesota (MDE) sa taon ng pag-aaral na 2018-19.

Batay sa mga natutunang leksiyon sa limang kasosyong distrito o charter, lahat ng ibang distrito at charter ay malamang magpapadala ng pinalawak na bersiyon ng form ng pagkolekta ng impormasyon sa tahanan sa taglagas/taglamig ng taon ng pag-aaral na 2018-19 kasama ng mga form ng pag-enroll para sa taon ng pag-aaral na 2019-20.

Taon ng pag-aaral na 2019-2020: Ipapaulat sa lahat ng mga distrito ang detalyadong impormasyon ng pinagmulang ninuno o etnikong ito sa departamento sa taon ng pag-aaral na 2018-19.

Ang impormasyong ito ay rerepasuhin at ia-update tuwing limang taon mula sa petsa ng pang-buong estadong pagpapatupad para sa lahat ng mga distrito, kabilang ang limang unang kasosyong distrito, simula sa taon ng pag-aaral na 2014-25.

## Lahat ba ng pamilya ay pinasasagot ng mga tanong na ito?

Oo. Para sa taon ng pag-aaral na 2018-2019, ang bawat pamilya na may mag-aaral sa isa sa mga kasosyong distritong pumapasok sa K-12 ay pinasasagot sa mga tanong na ito. Ang magulang sa isa sa mga kasosyong distrito ay maaari ring papunan ng binagong form sa susunod na taon, dahil patuloy ang departamentong magsasama ng pagpuna mula sa publiko papunta sa form.

Para sa taon ng pag-aaral 2019-2020, hihilingin ng lahat ng distrito ng Minnesota sa lahat ng pamilya na punan ang form ng pagkolekta na may mga detalyadong pangkat.

## Paano kung hindi sagutan ng mga pamilya ang form na ito?

Inaatasan ang mga paaralang mag-ulat ng ilang impormasyon sa lahi at etnisidad sa estado at sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. Hindi kailangang ikaw mismo ang magbigay sa impormasyong ito, pero kung hindi mo ito ibibigay, ang paaralan ang pipili para sa iyo alinsunod na rin sa iniaatas ng batas ng pederal. Kung hindi sasagutan ng mga pamilya ang form, *inaatasan ang mga distritong pagpasyahan ang mga tanong ng pederal sa lahi/etnisidad, na naka-bold*, batay sa hawak nilang impormasyon at isumite ang naturang impormasyon sa Kagawaran ng Edukasyon ng Minnesota (MDE).

Hindi kailangang pasagutan sa iyo ang mga opsyonal na seksyon ng form, at *hindi inaatasan ang mga distritong pagpasyahan ang mga mas detalyadong code ng lahi/etnisidad*. Kung hindi mo ibibigay ang impormasyong ito, hindi malalaman ng mga paaralan at MDE ang tungkol sa mga partikular na pangkat ng mga mag-aaral, at maaaring hindi nila matukoy at matugunan ang mga pangangailangan sa edukasyon ng mga partikular na pangkat na ito ng mga mag-aaral.

## Mga naka-bold na tanong

Ang mga naka-bold na tanong ay mga tanong ng pederal tungkol sa lahi/etnisidad. Nauunawaan naming ang lahi at etnisidad ay mga ideya lang na ginawa at tinatanggap ng lipunan (social construct), at na nag-iiba ang mga pagpapakahulugan ng mga ito. Sinusunod namin ang gabay ng pederal sa paglalagay ng label sa bawat isa.

Anim na pederal na code ng lahi/etnisidad ang lumalabas bilang tanong na “Oo/Hindi” sa form at kinabibilangan ng tanong tungkol sa etnisidad sa itaas, gayundin ng Tanong 1-6. Ang pederal na pagkolekta ng impormasyon ng lahi/etnisidad ay nangangailangan ng dalawang-bahaging tanong. Tinatanong ng tanong sa itaas kung ang mag-aaral ay Hispanic/Latino. Tinuturing ng pederal na pamahalaan ang Hispanic/Latino bilang etnisidad. Ang mga natitirang tanong (1, 2, 3, 4, 5, at 6) ay humihiling na ang isa man lang rsa mga sumusunod ay piliin: American Indian, Asian, black o African American, Native Hawaiian o Pacific Islander, o white. Tinuturing ng pederal na pamahalaan ang mga pangkat na ito bilang mga lahi.

Hindi kailangang pumili ng mga pamilya ng isa sa mga kategoryang ito. Kung hindi, inatasan ng batas ng pederal ang mga distritong kilalanin at iulat ang impormasyong ito para sa mga mag-aaral batay sa pinakamahusay na impormasyon na mayroon sila. Pinakokolekta ang mga distrito ng kailangang impormasyon para sa lahat ng mga mag-aaral sa paggamit ng isa sa mga sumusunod na pamamaraan sa sumusunod na pagkakasunod-sunod:

A. pagkilala ng magulang o tagapag-alaga;

B. angkop sa edad na sariling pagkilala ng mag-aaral, kung ang pagkilala ng magulang o tagapag-alaga ay hindi opsyon;

C. kung ang mga pamamaraan sa sariling pagkilala ng magulang, tagapag-alaga o mag-aaral ay hindi posible, ang mga pagbilang sa pagtingin ay pangangasiwaan ng punong-guro o designado, alinsunod sa mga nakasulat na gabay na ginawa ng distrito.

## Mga Opsyonal na Tanong

Humihingi ang mga tanong na may label na opsyonal ng mas detalyadong impormasyon sa lahi/etnisidad. Gayunpaman, hindi iniaatas ng batas na kolektahin ang impormasyong ito. *Hindi inatasan ang mga distritong pagpasyahan ang mga mas detalyadong code ng lahi/etnisidad.* Kinokolekta ang impormasyong ito dahil sa mga detalyeng nasa Minnesota Statutes 2017, 120B.35, subdivision 3 na tinalakay sa itaas sa seksyong “Bakit kinokolekta ang impormasyong ito?”. Ang mga opsyonal na kategorya ay:

- Anishinaabe/Ojibwe; Cherokee; Dakota/Lakota; Iba pang Pagsapi sa Tribung American Indian
- Asian Indian; Burmese; Chinese; Filipino; Hmong; Karen; Korean; Vietnamese; Iba pang Asian
- African-American; Ethiopian-Oromo; Ethiopian-Iba pa; Liberian; Nigerian; Somali; Iba pang black
- Colombian; Ecuadorian; Guatemalan; Mexican; Puerto Rican; Salvadoran; Spaniard/Spanish/Spanish-American; Iba pang Hispanic/Latino

## Pag-uulat

Ang impormasyon sa unang tanong at tanong 2-6 ay hindi nauugnay sa pagpopondo ng estado. Kung pinili ng pamilya ang Hispanic o Latino, iuulat ang mag-aaral bilang Hispanic o Latino sa pederal na antas. Halimbawa, kung natukoy ang mag-aaral bilang Hispanic o Latino at White, iuulat sila bilang Hispanic o Latino sa sistema ng pananagutan. Kung pumili ang pamilya ng mahigit isa sa sumusunod: American Indian, Asian, Black o African American, Native Hawaiian/Pacific Islander, o White ang mag-aaral ay iuulat sa pederal na antas bilang “dalawa

o mas marami pang lahi.” Halimbawa, kung natukoy ang mag-aaral bilang American Indian o Alaska Native at White, iuulat sila bilang “dalawa o mas marami pang lahi” sa sistema ng pananagutan. Ang pangkat ay karaniwang tinutukoy bilang ipa-pitong pederal na code ng lahi/etnisidad at hindi hayagang lumalabas sa form.

Pinatutukoy sa mga mag-aaral sa tanong 1 na tukuyin kung kinikilala nila ang sarili nila bilang American Indian o Alaska Native. Ang pangkat ng mga taong ito ay tinutukoy ng estado ng Minnesota bilang mga taong kalinya ng alinman sa mga orihinal na tao ng North America at pinananatili ang pangkulturang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagsapi sa tribu o pagkilala ng komunidad. Pederal na inuulat ang impormasyon at ginagamit para kalkulahin ang tulong sa estado.

## **Bakit binibigyan ang ilang pangkat ng opsyong magkaroon ng mas detalyadong pangkat, pero ang iba ay hindi?**

Ang mga mas detalyadong pangkat ay dinidikta ng [Minnesota Statutes 2017, Section 120B.35, subdivision 3](https://www.revisor.mn.gov/statutes/?id=120B.35) (<https://www.revisor.mn.gov/statutes/?id=120B.35>).

Sa ilalim ng batas na ito, ang “Native Hawaiian oo Ibang Pacific Islander” at “white” ay hindi binibigyan ng opsyong mag-ulat ng mga mas detalyadong pangkat. Sa ilalim ng batas sa mga kasanayan ng estado sa datos, [Minnesota Statutes 2017 Section 13.05, subdivision 3](https://www.revisor.mn.gov/statutes/?id=13.05) (<https://www.revisor.mn.gov/statutes/?id=13.05>), kailangan din ang MDE na limitahan ang paggamit at pagbabahagi ng pribadong impormasyon lang sa kung ano ang kailangan para pangasiwaan at pamahalaan ang mga awtorisadong programang mandato ng pederal na pamahalaan.

## **Paano kokolektahin ang impormasyong ito?**

Para bigyan lahat ng pamilya ng pagkakataong mas partikular na tukuyin ang sarili nila, maaaring piliin ng mga distritong kolektahin ang impormasyon sa mga paraan na sa tingin nila ay angkop sa kultura at wika. Hinihikayat ang mga distritong magpadala ng form ng pagkolekta ng data at liham ng magulang sa bahay sa bawat mag-aaral.

## **Paano kung natukoy ng mga pamilya gamit ang mga nakaraang kategorya?**

Kung naibigay na ng mga pamilya ang impormasyong ito gamit ang mga dating form, ipasusumite muli sa kanila ang form. Ito ay dahil binabago ng Kagawaran ng Edukasyon ng Minnesota ang mga sistema nito sa pagkolekta ng impormasyon. Dapat mabigyan ang lahat ng pamilya ng pagkakataong magbigay ng mas detalyadong impormasyon sa etnisidad at lahi sa pamamagitan ng papel o sa electronic na paraan.

## Paano gagamitin ang impormasyong ito sa lebel ng estado?

Pribado ang indibidwal na impormasyon ng iyong anak, at gagamitin lang ito ng MDE kung iniaatas o pinapahintulutan ng batas. Kung mag-uulat kami ng impormasyon, mag-uulat kami tungkol sa mga pangkat, at hindi tungkol sa mga indibidwal na mag-aaral.

- Ang mas detalyadong impormasyon ng lahi/etnisidad ay gagamitin para sa layunin ng pagkolekta ng estado ng impormasyon at pag-uulat.
- Ayon sa batas ng estado, pinaplano ng Kagawaran ng Edukasyon ng Minnesota na iulat ang impormasyong ito sa antas ng pangkat para sa pagtatasa at datos ng pagtatapos sa unang taon. Ang pag-uulat sa hinaharap ay maaaring kasama ang impormasyon sa antas ng pangkat para sa mga indikasyon ng paglago, paghahanda sa postsegundaryong oportunidad na akademiko at karera, kaligtasan sa paaralan at pag-ugnay sa mga mag-aaral at koneksiyon sa paaralan.
- Isasama ang impormasyon ng lahi/etniko ng mag-aaral sa katayuan ng mag-aaral sa espesyal na edukasyon, katayuan bilang nag-aaral ng Ingles, kasarian at ibang demograpikong impormasyon. Ang mga ulat sa hinaharap ay malanang magbibigay ng mga ulat ng pangkat na nagpapahintulot sa maramihang kumbinasyon o pagpili ng impormasyong ito. Halimbawa, ang pagkolekta ng impormasyong ito ay magpapahintulot sa paghahambing ng dati ng nagtatapos para sa lalaking Chinese na mag-aaral na hindi nagsasalita ng Ingles sa mga babaeng mula-Somali na hindi nagsasalita ng Ingles.
- Alinsunod sa mga kasanayan sa pag-uulat ng MDE, ang pag-uulat ay pipigilan para sa anumang pangkat na mas kaunti sa 10 mag-aaral, kasama ang mga resulta kung saan ang natitirang katawan ng mag-aaral ay mas maliit sa 10 mag-aaral. Gagamitin din ng anumang pag-uulat na nakabatay sa detalyadong impormasyong ito sa lahi/etnisidad ang mga pangalawang panuntunan sa pag-suppress na ginagawa at planong i-deploy ng MDE sa Disyembre 2018

## Paano gagamitin ang impormasyong ito sa lebel ng distrito?

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng impormasyong ito sa lebel ng distrito, mangyaring makipag-ugnayan sa (mga) tanggapan ng iyong distrito.

## Iuulat ba ang impormasyong ito sa pederal na pamahalaan?

Tanging ang pederal na inaatang na impormasyon ng lahi/etnisidad mula sa mga naka-bold na tanong (American Indian o Alaska Native; Asian; black o African American; Hispanic/Latino; Native Hawaiian o Pacific Islander; white) ay iuulat sa pederal na pamahalaan. Ang mas detalyadong etnikong impormasyon (na may label na opsyonal) ay hindi iuulat sa pederal na pamahalaan. Lilimitahin din ang impormasyong ito sa mga sumusunod na paraan:

- Hindi pampublikong iuulat ang impormasyong ito sa indibiduwal na antas ng mag-aaral.
- Hindi iuugnay ang impormasyong ito sa katayuan ng imigrasyon sa lebel ng estado o pederal at hindi susuriin sa ibang lugar.
- Hindi maaapektuhan ng impormasyong ito kung maaaring dumalo o hindi ang mag-aaral mo sa paaralan.

- Bagaman ang impormasyon ay kokolektahin sa mga indibiduwal na mag-aaral, pampubliko lang ito iuulat para sa mga pangkat ng mga mag-aaral. Ang mga ulat na nilaan ng departamento ay inaatasang magprotekta sa pagkakakilanlan ng bawat mag-aaral, at ang pangkat ng mga mag-aaral ay dapat sapat ang dami upang walang makilalang indibiduwal na mag-aaral.
- Hindi iuugnay ang impormasyong ito sa pagganap ng guro o pagsusuri.
- Hindi maapektuhan ng impormasyong ito ang pagpasok sa kolehiyo.

## **Sino ang lokal na makakakuha ng impormasyong ito?**

Ang form na ito ay ang nilalaman nitong impormasyon ay ipapasok sa mga sistema ng impormasyon ng taong may tamang access at pagsasanay sa impormasyon sa tanggapan ng administratibo ng paaralan ng mag-aaral mo. Ang tauhan ng paaralang responsable sa pagpapadali ng pagkumpleto ng at pagkolekta ng mga form ng impormasyon ay maaari ding tumingin sa nakumpletong form habang dinadala ito sa tanggapan ng pangangasiwa.

## **Sino pa ang maaaring magkaroon ng access sa impormasyong ito?**

Dapat limitahan ng mga paaralan at ng Kagawaran ng Edukasyon ng Minnesota (MDE) ang access sa impormasyong nakasaad sa form dahil pribado ang impormasyong ito. Kasama sa mga maaaring magkaroon ng access dito ang:

- mga tauhan ng paaralan at MDE na kailangang i-access ang impormasyon para magawa ang kanilang tungkulin;
- sinumang papahintulutan mong i-access ang impormasyon; at
- sinumang aatasan o papahintulutan ng batas ng estado o pederal na i-access ang impormasyon.